# Paunang Salita

**PROP. MARIA BERNADETTE L. ABRERA, PH.D.**

May kabuluhan pa ba si Rizal?

Nakatutuwang tanong, dahil sa pagtanong mismo ay sinasagot ang mismong tanong. Dahil kung wala, hindi lilitaw ang tanong at wala nang pangangailangan pang itanong.

Ang tanong sa gayon ay hindi upang alamin kung wala na nga siyang kabuluhan, kundi upang hanapin ang patuloy niyang kabuluhan sa buhay natin ngayon. Kung nagbabago ang kapaligiran at ang kalagayan ng bayan, gayundin nagbabago ang ating pangangailangang matunghayan ang kaugnayan natin sa mga dakilang Pilipino sa ating nakaraan na humubog sa ating bayan at identidad bilang Pilipino.

Si Rizal ang higit na pinag-aralan sa ating mga bayani hindi lamang dahil sa malawak at malalim na ginampanan niya sa mga pangyayari ng ika-19 na dantaon at sa mga sumunod na panahon. Ang impluwensiya ng kaniyang buhay at mga sinulat ay patuloy na sinusuri at ipinaliliwanag ayon sa pangangailangan ng panahon. Ang mga ito ay binigyan ng interpretasyon mula sa pagiging repormista na nagnais ng asimilasyon, tungo sa pagiging liberal at radikal na panawagan, at sa pag-unawa ng mga batayang konsepto ng bayan, kalayaan, katarungan at moralidad na nakabaon sa kaniyang mga kataga.

Dahil dito, maaaring sabihing walang isang Rizal na may tiyak at malinis na kategorya, halimbawa bilang repormista o rebolusyonaryo. Subalit sa lahat ng pagsisiyasat tungkol sa kaniya, lumilitaw ang katotohanang nangingibabaw siya sa ating kamalayan hinggil sa mga ideya ng bayan at pagkamakabayan, kalayaan at pagkakapantay-pantay,

katarungan at karangalan. Nasa ating kamalayan si Rizal at ang kaniyang pangarap para sa bayan. Ito ang hindi nagbabago ng kabuluhan.

Sinasalamin dito sa isyu ng Daluyan ang patuloy din nating paghubog kay Rizal at pagpapatibay sa kaniyang halaga sa atin. Sa mga seleksiyon ng panulat dito, muling matutunghayan ang ating kaugnayan sa buhay at damdamin ni Rizal, ang kaniyang kalungkutan sa mga bagay na hindi niya naiwasang nagbigay rin ng hapis sa kaniyang mga mahal sa buhay; ang damdamin ng paghahangad hindi lamang sa personal na bagay kung hindi sa mga hangarin para sa bayan na pinilit niyang abutin; ang pagnanais na malagpasan ang sarili at iba pang mga balakid upang huwag mahadlangan sa minimithing layunin.

Muli nating nililikha si Rizal at ang ating kaugnayan sa kaniya at sa kaniyang pangarap na kaginhawahan para sa bayan, ang kaniyang matayog na mga pangaral, maging ang kaniyang paghihirap at mga pagtitiis. Nais nating manatiling nakaugnay sa kaniya. Nais nating maalala na mayroong mga Pilipino na nakalaan ang talino at lakas para sa kabutihan ng nakararami, para sa kalayaan, pagkakapantay-pantay, karangalan, at kaginhawahan ng bayan.

Sa ating muling paglikha kay Rizal, mababatid natin na nananatili siyang nangingibabaw sa diskurso ng pagmamahal sa bayan, sa kabayanihan. Muli't muli natin siyang babasahin, sasaliksikin, susuriin, ipaliliwanag, babatikusin, susulatin at hahangarin.

Kung gayon, patuloy nating hanguin ang tanong, may kabuluhan pa ba si Rizal? Sa ganitong paraan ay patuloy natin siyang nililikha sa ating kasalukuyan at binabalikan sa kaniyang mga hangarin.

Sa pamamagitan nito, mananatili siyang sagisag ng ating pag-asa at kadakilaan.

*Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya*
*1 Oktubre 2020*